

Scabies

Ang scabies ay makating pantal na dulot ng isang microscopic mite (*Sarcoptes scabiei* var. *hominis*) na bumabaon sa itaas na layer ng balat kung saan ito nakatira at nangingitlog.

Ano ang mga sintomas ng scabies?

- Matinding pangangati, lalo na sa gabi, AT maliliit na nakataas na bukol sa balat – kadalasang matatagpuan sa mga habi ng daliri ng kamay at paa, pulso, siko, kilikili, nipple, pigi, at penis. Ang ulo, mukha, leeg, mga palad at talampakan ay hindi apektado sa mga nasa hustong gulang ngunit maaari sa mga sanggol at maliliit na bata.
- Ang maliliit na “burrow” sa balat kung saan ang babaeng hanip (mite) ay dumadaan sa ilalim ng balat. Ang mga burrow ay mukhang maliliit na kulay abo o puting baluktot na mga linya sa ibabaw ng balat.
- Ang mga sintomas ng scabies ay maaaring tumagal ng hanggang 4-6 na linggo pagkatapos magsimula ang pagkalantad. Ang mga sintomas ay maaaring lumitaw nang mas maaga sa isang tao na nagkaroon na dati ng scabies.

Paano kumakalat ang scabies?

Ang scabies ay kumakalat sa pamamagitan nang direkta, matagal, balat sa balat na kontak sa isang tao na mayroong scabies (halimbawa, mga sexual partner at miyembro ng pamilya). Ang isang mabilis na pagkakamay o yakap ay hindi magkakatat ng scabies. Posible ngunit hindi karaniwan para sa scabies na kumalat sa pagbabahagi ng damit o mga tuwalya sa isang tao na mayroong scabies. Ang scabies mite ay hindi lumulukso o lumilipad at hindi kayang mabuhay sa katawan ng host nang higit sa 72 oras.

Paano masusuri ang scabies?

Sa City Clinic ay sinusuri namin ang scabies sa pamamagitan ng tipikal na hitsura at lokasyon ng pantal/bukol. Sa ilang setting ang pagsusuri ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagkayod ng balat (skin scraping) at pagsusuri sa mikroskopyo para sa mga hanip (mite), itlog o dumi ng hanip.

Paano mo ginagamot ang scabies?

- Para maalis ang scabies, kailangan mong gumamit ng niresetang cream na tinatawag na Elimate (permethrin). Ipahid ang kalahati ng cream sa buong katawan, simula sa leeg at papunta sa mga daliri ng paa. Iwanan ng 8-14 na oras at pagkatapos ay hugasan. Magsuot ng malinis na damit pagkatapos ng paggamot. Ipahid ang ikalawang kalahati ng cream makalipas ang isang linggo. *Walang over the counter na mga produkto na epektibo laban sa scabies.*
- **Hugasan ang lahat ng damit at bedding sa mainit na tubig at patuyuin sa hot cycle. Ang mga bagay na hindi mahuhugasan ay maaari sa dry-clean o ilagay sa isang selyadong bag nang hindi bababa sa 3 araw.**
- **Siiguraduhin na ang iyong mga sexual partner at malalapit na personal na kontak ay kasabay na magamot (lalo na iyong mga kasama mo sa higaan).**

Bakit nangangati pa rin ako pagkatapos ng paggamot?

Karaniwang magpapatuloy ang pangangati hanggang sa dalawang linggo pagkatapos ng paggamot dahil sa mga bahagi ng scabies mite na nasa ilalim pa ng iyong balat. Hindi ito nangangahulugan na nabigo ang paggamot. Maaaring gumamit ng cortisone cream/ointment at mga over-the-counter na oral antihistamine (Benadryl, Claritin o Zyrtec) para mapawi ang pangangati.

Ang mga scabies ay mas madalas na maling nasusuri. Maaaring nangangati ka pa rin dahil sa isa pang dahilan.

Ang pag-ulit ng paggamot ay maaring kailanganin kung nangangati ka pa rin pagkatapos ng 4 na linggo, at/o nagkakaroon ng mga bagong burrow o bukol sa dating mga lugar sa iyong katawan.

Para sa higit pang impormasyon:

Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

Pangkalahatang STI

www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español) www.bedsider.org
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

Contraception at STI/sex info

Teens

www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumuta sa:



City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org